

More hospitals, manufacturing, trabaho sa Pilipino



Dasma City Council aspirants na posibleng manalo



Purdoy pa rin tayo kahit ma-impeach pa si VP



Wow! More than 900 sari-sari store owners get business permit exemptions: Mayor Ferrer

"Malaking ginhawa po ito sa amin," said a sari-sari store owner who got exemptions from paying business permits and taxes.

Gen. Trias Mayor Jon-Jon Ferrer said that more than 900 qualified

sari-sari stores have been granted exemptions pursuant to an ordinance approved by the City Council last year.

The mayor said the exemption is meant to support micro-

entrepreneurs in the city.

"Hangad po natin sa pamamagitan ng mga programang tulad nito na mabigyang suporta ang mga micro-entrepreneurs, at maging daan sa kanilang pag-unlad,"

Ferrer said.

Vice Mayor Jonas Labuguen said that the City Council approved the ordinance granting exemptions to ease the financial burden of small business owners.

"Kaisa po ang pamahalaang lungsod sa inyong pagsisikap na mapaunlad ang inyong munting negosyo," said Labuguen.

Meanwhile, Mayor Ferrer encouraged other sari-sari store owners to apply for exemption through the Electronic Business One-Stop Shop.

"Mag-apply po kayo, naririto ang inyong city government upang kayo ay alalayan at tulungan," said Ferrer. / DBCaoile

BANTAY BALITA

NEWS PUBLISHING SERVICES

YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER

ISSN No. 2984-8563 bantaybalitanews59@gmail.com

taparaneliseo@gmail.com

VOLUME 3 NO. 20 10.00

FEBRUARY 10 - 16, 2025

Marcos wants 12-0 victory for 'Alyansa'

President Bongbong Marcos is pushing for a 12-0 victory for the senatorial candidates of the administration's "Alyansa para sa Bagong Pilipinas" slate during the team's kick-off rally that was held last week in Laoag City in Ilocos

Norte, the president's home province.

PBBM in his speech said that none of Alyansa candidates have been involved in a "bloody" drug war, in alleged pocketing of public funds during the

See page 2



At the center, left to right -- Vice Mayor Jonas Labuguen and Mayor Jon-Jon Ferrer together with city residents during an early Thursday morning, Feb. 12 courtesy call at the Office of the City Mayor.

Advertise with us!

We are now offering publication of legal requirements for:

* Extra-Judicial Notices * Self-Adjudication * Correction in Live Births * Correction in Names and Surnames* Affidavit of Loss* Obituaries, and other legal notices, notarial services and other publication needs.

Email us at domzcaoiile@yahoo.com; taparaneliseo@gmail.com; sarfia926@gmail.com; arzmedia777@yahoo.com; or text/call: 0927-489-0759 / 0928-940-6369.

Please contact us for inquiries.



We will win, believe it --Duterte

Former President Rodrigo Duterte expressed confidence that his senatorial candidates will win in the 2025 midterm elections.

He said, "We will win, believe it, not all of us may win, siguro marami ang lulusot sa atin."

Duterte's senatorial lineup is comprised of Atty. Jimmy Bondoc,

Senator Ronald 'Bato' Dela Rosa, Senator Christopher 'Bong' Go, Atty. Jesus 'Jayvee' Hinlo Jr., Atty. Raul Lambino, Philip 'Ipe' Salvador, Congressman Atty. Rodante "Dante" Marcoleta, and Pastor Apollo Quiboloy.

FPRRD admitted that PDP is experiencing difficulty in

organizing campaign events.

"Wala tayong pera, kailangan ang pera para sa kampanya. Wala kami (PDP) big contributor," Duterte said.

He revealed that whatever donations the party receives from business owners are shared with its members.

See page 2

Paggawa ng Cannabis Oil, tinalakay see P.4

website: www.bantaybalita.com

facebook: Bantay Balita

Congratulations! Noveleta, First Class Municipality!

Nagpahatid ng pagbati si Cavite District One Representative Jolo Revilla sa pamahalaang bayan ng Noveleta matapos na maideklara na ito ay isa nang First Class Municipality.

"Binabati po natin ang buong Pamahalaang Bayan ng Noveleta, sa pangunguna nina Mayor Dino Reyes-Chua at Board Member Davey Reyes-Chua sa pagkakahirang dito bilang isang First Class Municipality sa bisa ng Department Order 074

series of 2024 na inilabas ng Department of Finance," sabi ni Revilla sa kanyang Facebook page.

Sa pagkahirang na Primera Klaseng Munisipalidad ang Noveleta, sinabi ni Revilla na ito ay patunay sa mga tagumpay ng Noveleta -- ang pinakamaliit na pamahalaan sa Cavite.

Malayo na ang narating ng bayang ito, na noong 2016, ay isa lamang 3rd Class Municipality.

Sa pagbati, pinatunayan ng kasalukuyang pamamahala ni Mayor Dino Reyes Chua, kasama lahat ng opisyal at kawani ng munisipyo at ang malakas na suporta ng mamamayan, patuloy ang pagbabago at pag-unlad ng Noveleta.

Sabi pa ni Revilla, buo ang kanyang tiwala, mas malayo pa ang maramating ng Noveleta at ng buong Unang Distrito, "basta po tayo ay magkakasama tungo sa iisang hangarin na tiyakin ang pagtutuloy-tuloy ng progreso tungo sa mas mataas na antas ng pamumuhay."



Marcos wants... from page 1

pandemic or in allowing the country to become a foreign gambling site and in applauding China's harassments and attempts to take over parts of the Philippines to turn it into their province.

"Wala sa kanila ang may bahid ng dugo dahil sa tokhang. Wala sa kanila ang kasabwat sa pagbula ng sako-sakong pera, pinagsamantalahan ang krisis ng pandemya, pinabayaan ang ating mga kababayan na magkasakit at mamatay," PBBM said.

He added that none of his candidates applauded or cheered China when it water-bombed the Coast Guard or blocked the fishermen and stole their catch, or when China tried to grab our islands to make it their own.

Not mentioning the name of Pastor Apollo Quiboloy, Marcos said that none of Alyansa's candidates are "false prophets that were charged for abusing children and women."

PBBM, in his speech, also told Ilocanos who attended the rally that the administration's candidates are not "OJTs" (on the job trainees) but experienced lawmakers, local government executives and Cabinet officials, and true public servants.

"Kaya sa darating na Mayo huwag nang tingnan ang ibang mga pangalan. I-shade na lang lahat ito kandidato sa harap at gawin natin 12-0 ang resulta sa Senado nang sa ganon, matiyak natin ang kinabukasan ng Pilipinas," Marcos said.

We will win... from page 1

Duterte said that he is not concerned about what President Bongbong Marcos had accused PDP's candidates being involved in corruption.

"Alam naman ng tao, ano ang totoo," Duterte said.

He said that if Marcos could hear him, he would request that there be a fair fight in the upcoming midterm elections on May 12,

2025.

The Commission on Elections (Comelec) said that around 68 million Filipino voters will elect approximately 18,000 officials, including 12 senators, 254 district representatives, 63 party-list representatives, and 17,942 governors, provincial board members, mayors, and councilors. /BB Central Desk



Patruyang Magilas: Pinangunahan ni Colonel Dwight E. Alegre, Cavite Provincial Police Office (CPPO) director, deployment ng mga motorsiklo na gagamitin ng iba-ibang estasyon ng pulisya sa lalawigan ng Cavite.

Tinawag na Patruyang Magilas, sinabi ni Col. Alegre na inaasahang malaki ang maitutulong ng mga pulis na nakamotorsiklo sa kampanya laban sa kriminalidad.

Gamit ang mga motorsiklo, mabilis na makatutugon sa anomang insidente ang mga motorcycle police personnel sa layuning mapanatili ang kapayapaan at kaayusan sa kani-kanilang nasasakupang komunidad.

Magagamit din ang Patruyang Magilas, sabi ni Col. Alegre sa mga lugar sa lalawigan na mataas ang insidente ng kriminalidad.

Sa kabuuan, mas matibay na hakbang para sa proteksyon ng mga residente ang binuong Patruyang Magilas na inilunsad noong Biyernes, Peb. 14 sa Camp Gen. Pantaleon Garcia, Imus City. /Domz B. Caoile

NATIONAL HEALTH INSURANCE MONTH SPECIAL FEATURE

Handog ng PhilHealth sa bawat Pilipino, PINALAWAK AT MGA BAGONG BENEPISYO!



BAGO		PINAGBUTI	
Emergency care package (ER)		Hemorrhagic stroke	P80K dating P30,000
Malubhang malnutrisyon sa mga bata		Ischemic stroke	P76K dating P28K
Outpatient mental health services		High-risk pneumonia	P90,100 dating P32,000
Preventive oral services		Hika	P22,488 dating P9K
Salamin sa mata (batang 0-15 taon)		Neonatal sepsis	P25,793 dating P11,700
Physical medicine, rehabilitation and assistive mobility devices		Malubhang dengue	P47K dating P16K
PINALAWAK		Atake sa puso (angioplasty)	P524K dating P21,900
95% increase sa 9,000 case rates packages		Operasyon sa katarata	P20,200 - P187,100 dating P16K/mata
Confinement sa mga sakit na pabalik-balik		Hemodialysis sessions	P6,350 dating P2,600
Hemodialysis sessions	156 sessions		
Breast cancer	Hanggang P1.4 million dating P100K		
Kidney transplant	Hanggang P2.1 million dating P600K		
Peritoneal dialysis	Hanggang P1.2 million dating P270K		



"Padadamihin pa namin ang serbisyong ibibigay ng PhilHealth. Pararamihin, palalakihan pa namin ang pagbayad sa insurance claims. I would like to assure everybody, huwag ninyong inaala na mababawasan ang serbisyo kahit na kanino. Para sa senior, para sa mga mahihirap, para sa middle class, walang mababawasan kahit isang kusing."

His Excellency FERDINAND "Bongbong" R. MARCOS, JR.
President of the Philippines



as of February 3, 2025

Purdoy pa rin tayo kahit ma-impeach pa si VP

Sinekreto ang mabilis na pagpasa ng 4th impeachment kay VP Sara Duterte, sabi ng isang netizen, parang ginawa ng isang magnanakaw na ang lahat ay mahimbing na natutulog.

May kopya ba ng impeachment na ito na nakita at nabasa ang publiko, at ano-ano ang laman ng articles of impeachment?

Basta ang sabi, okay na, nakuha na ang 1/3 na "yes" ng mga lawmakers para ipasa ang mga reklamo versus VP sa Senado.

Dati pang mahalaga ang isyu, naka-televisead pa, live streaming sa House, pero ito, press release lamang, walang botohan, walang usapan sa plenaryo -- na may sinusunod na proseso ng pagsusuri at pagpapatibay ng impeachment.

Maugong pa ang usap-usapan na may daan-daang milyong pisong tatanggapin (o natanggap na?) ng bawat isang pumirma.

Sabi, napilitan ang iba na pumirma, kasi, maiipit ang badyet ng kanilang distrito, ano parang hostage ba ito?

Sabi ni Senate Pres. Chiz Escudero sa June 2 na magse-session ang Senado, saka pa lamang nila pag-uusapan ang impeachment, at paano ito, iba na ang mauupong 12 kandidatong nanalo sa Mayo 12 midterm elections.

At ano ba -- may naipadala ba sa Senado o press release lang ito, kasi may problme, yung unang tatlong complaints, nasa archives o sa baul na, at iyon, ayon sa rules ay invalid na, wala nang bisa.

Sino-sino ang author ng 4th impeachment? at kailan ito nai-refer kay Speaker Martin Romualdez at dumaan pa ito sa committee on justice at may report na na-



MAKIKIRAN PO!

★ Janet W. BILBAO

pumasa ito sa pagsusuri ng mga member ng naturang komiyr.

Paano nakuna ang 1/3 at ito ba ay pormal na naipasala sa House Secretary Geberalm anong oras ipinadala at tinanggap, at nasunor pa ang a Rules of Impeachment ng House of Romualdez (HOR)?

At halata, bistado ang pamgmamadali, kasi, agad ini-appoint ang lawmakers na tatayong prosecutors sa impeachment trial -- na didinggin ng 12 bagong halal na senador at ng naiwang 12 senador sa pamumuno ni Chiz.

Hindi na naghintay si Romualdez na mag-convene ang Senado -- na agad tinapos ang session a magbabalik nga sa June 2.

Sabi, minadali ang impeachment para matakpan ang isyu ng reklamo sa Supreme Court tungkol sa 28 blanks sa Bicam Report ng 2025 national budget na bantog sa mundo na pinaka-corrupt na napirmahang badyet ng Pilipinas.

Mas mahalaga ba ang impeachment kay VP kesa pag-usapan ang pinaka-corrupt na badyet natin ngayong taon.

Mas mahalaga na malaman natin kung sino-sino ang naglagay ng halaga sa blanks ng Bicam, at ano-ano ang mga dahilan sa pagdagdag-pagbawas sa pondo ng DepEd, PhilHealth, DPWH, at iba pa, ay ang lahat ng ito, malabo.

Ngayon umuulan ng batikos ang 215 na nag-

yes sa articles of impeachment na pag tinatanong ang mga pumirma sa tanong kung ano ang pinirmahan nila, walang malinaw na sagot.

Basta "duty namin yun sa bayan," at marami ang nagpapahayag ng galit at ikinakampanya na wag na iboto uli, pero mananal pa rin ang mga unopposed tulad ni Speaker na burado sa balota ang pangalan ng kalaban.

Mas mahalaga ba ang impeachment kaysa mahal na bilingin, at pag na-impeach si VP, magbe-20 pesos na ba ang bigas, magmumura na ba ang pagkain, serbisyo, gasolina, pamasaha at iba pa.

Darating na ba ang foreign investors, at bibilis na ba ang internet, magmumura na ba ang koryente, tubig at mawawala na ang korapsiyon at makapagpapagamot na ba tayo nang halos walang babayaran, kahit sabi ng isang Supreme Court Justice e bangkarote o ubos na ang pera ng PhilHealth?

Nagbabago na ba ang buhay natin, at sa impeachment, mawawala na ba ang kaguluhang politika, at maglilingkod na ba nang matapat si Mayor, si Vice Mayor, si Cong.. Senator, si Gov at iba pang public servants.

Umpisa na ng kampanyahan, at babaha ang pera na ayudang AKAP, at iba pang pakitang taong pagmamahal, aba, tanggapin natin ang pera, kasi atin talaga iyon, at baka ang ibinigay o ibibigay sa atin ay kapinganggot lamang at ang pinakamalaki ay shoot sa balsa nila.

Nasa kamay natin ang kapangyarihan na baguhin ang ating buhay sa eleksiyon at wala sa impeachment!

Salamat po, at mabuhay tayong lahat!



Dasma City Council aspirants na posibleng manalo

Muli kaming nag-conduct ng ating Busisiin Natin survey sa mga residente ng barangayt sa Dasmarinas City noong Valentine's Day.

Sa tanong namin: "Sino ang napupusuan niyo sa mga kandidatong konsehal na nakikita sa mga litratong ito?"

Ito po ang sagot ng 50 botante sa bawat barangay, at si Konsehal Rudy Lara na isang pioneer sa city politics ang nanguna, na sinundan nina Konsehal Rey Canayanay, Robin Cantimbuhan, Jeg Gonzales, at nina Kevin Tapawan, Arnel Del Rosario, Neil Coleta, Tutuy Perez, Azlie Guro, at nina George Magno, VM Maliksi, at Moises Minguito.

Maaaring mabago ito pa habang papalapit ang May 12 midterm elections, lalo na at maraming isyu na kumakalat na magiging batayan ng pagpili ng mga kandidatong iboboto ng Dasmarinas registered voters.

May nagsabi sa amin na mga botante na sila ay nagsasawa na sa mukha ng ibang mga nakaupo, na magaling lang daw sa pakiusap pero mahirap lapitan.

Hindi sila makatulad sa mga nabanggit na dati nang naglilingkod, tulad daw nina Konsehal Rudy Lara at Rey Canayanay -- kapwa mabilis bumunot.

(Ano ba ang binubunot, Tom? --ET II)

@@@

Natupad na ang pangarap ni Brgy, San Agustin 2 Kapitan Fer Narvaez!

Sa larawan, masayang nagpakuha ng larawan si Kap Fer Narvaez sa bagong ambulansiya na magagamit sa maraming lakad at emergency sa barangay.

"Noon ko pa pinangarap na magkaroon kami ng sariling ambulansiya. Ipinakiusap ko ito sa aking mga kagawad na pinayagan naman nila. Ngayon, meron na kaming sariling ambulansiya, hindi na kami manghihiram pa," masayang sabi ni Kap Narvaez.

@@@

Last term man sila, tuloy-tuloy pa rin sila sa paglilingkod.

Marami nga ang di-maiwasang malungkot at manghinayang sa mga ginoong ito na magtatapos ang termino ngayong Hunyo 2025.

Oo naman, at marami ang nagsasabing opisyal at employees sa cityhall, lalo na sa Office of the Vice Mayor na mamimi-miss mo; a si Vice Mayor Rex Mangubat.

Noong nakaraang linggo nga, pinasyalan namin si VM Rex at totoo ngang nakahahawa ang pagiging mapagbiro niya.

Yes, mami-miss namin si Vice Mayor Rex, at sana, mabigyan siya ng ibang tungkulin ng susunod na administrasyon.



BUSISIIN NATIN

★ Tom Halim



BANTAY BALITA
Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2, Lot 27, Camella Barcelona Phase 1,
Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: bantaybalitanews59@gmail.com / taparaneliseo@gmail.com
lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369
ISSN No. 2984-8563

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglailait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihayan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at kariktura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anumang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.

HENRY E. CAOILE
Founder

DOMZ B. CAOILE
Publisher

ELI TAPARAN II
Editorial Consultant

ADELA R. ZAMORA
Special Projects Director

JANETH W. BILBAO
Circulation Manager

GENE T. TAN
Chief of Reporters

member
PAPI

PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

Paggawa ng Cannabis Oil, tinalakay

Huwebes, 3 Pebrero 2025 - Sa isang pagdinig, ipinaliwanag ni Scientist/Inventor Richard Nixon Gomez at kanyang anak, isa ring imbentos, Rigel Gomez ang mga proseso sa pagkuha ng langis mula sa bulaklak ng halamang ng cannabis.

Ginawa ito ng mag-amang Gomez sa isang isang Joint Committee hearing na idinaos sa Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) -- na doon ay

mabusising pinag-usapan ang cottage-level na pagproseso at pagmamanupaktura ng cannabis oil.

Ipinakita ang mga paraan kung paano makukuha ang langis mula sa marijuan buds at ipinakita rin ang mga materyales at kagamitan sa paglikha ng Cannabis Oil.

Ayon kay Dr. Gomez, mahalaga ang kaalaman na ito upang maging handa ang mga tagapangasiwa at tagapagpatupad ng

batas sa pagtukoy ng mga posibleng pamamaraan na ginagamit ng mga kriminal.

Tinalakay rin ang mga testing sa laboratoryo para sa pag-validate at pagsusuri ng cannabis.

May permiso mula sa Food and Drugs Administration (FDA) ang BauerTek Pharmaceutical Technologies na isang pasilidad na gumagawa ng mga gamot a supplements.



Sa larawan, mula sa kaliwa --si Bishop James Boliget, miyembro ng committee; Rigel Gomez, Pangulo ng BauerTek Pharmaceutical Technologies; Dr. Richard Nixon Gomez, tagapangulo ng BauerTek; PDEA Deputy Director General for Operations, Assistant Sec. RENE Gumban; at Dr. Rodolfo John Teope, miyembro ng committee.

More hospitals... mula sa pahina 8

magkaroon din ng sariling General Trias City University.

Wag kang mag-alala Marilou, balita ko, nakaplano na iyan, tama po ba, Mayor Jonjon Ferrer at Vice Mayor Jonas Labuguen?

Tiyak gagawan ng paraan iyan ni Congressman Ony Ferrer at ng buong City Sanggunian, ano po.

Sabi naman ni Cris Pertimos, sana raw ang kikitang buwis sa SM City ay ilaan sa General Trias Medical Center "na wlang ginagawa kundi i-refer sa ibang hospital kapag magpapagamot ka sa kanila dahil kulang daw doctor at mga facilities."

Puna naman ni Joseph Lopez, lagi raw sinasabi na walang pera ang tao, pero kabi-kabila kumikita ang mga mall at fastfood sa bansang ito.

"xxx hay buhay naman tapos puro reklamo sa bigas eh Isang cup sa fastfood Isang kilo na katumbas di nanghinayang, kumakain din ako fastfood kaya hinayang ako mostly lutong bahay para tipid," ani Joseph.

Parang excited naman si Vangie Labrador na sabi, "ang ganda mas malaki paba yan sa SM Tanza."

Sana raw, wish ni Corazon Paras Arcilla ay isunod ng city government ang improvement of public hospital, complete medical facilities and equipments, and also complete medical services for the less fortunate Gentriseños.

"Alam ko kaya po yan ng Team Gentry?" tanong ni Corazon.

Eto ang reaksiyon ni Cris Pertimos, na yung mga ayaw sa Chinese, "pero pag may SM, tuwang tuwa."

Problema naman ang nakikita ni Angelito Reyes, sa paniwala niya, sa itinatayong bagong SM Mall, magkakaroon ng traffic congestion, kaya sabi niya, "lalong lumalala kapag may bagong SM sa Cavite."

Marami raw pasaway na drivers, kaya ang suggestion ni Angelito, "unahin ng LTO bago magbigay ng

licensya ay iturok sa utak ng driver lalo na sa mga pasaway na motor Honda drivers ang disciplinary action sa kanilang tamang wastong lugar sila dapat rumagasa at hindi sa halo-halong kalamay sa kalsada."

Dapat maturuan ng disiplina sa kalsada ang mga motorista, at maturuan ang mga driver ay iwasang gumawa ng labag sa batas ng trapiko.

May panawagan pa si Angelito, "Hindi pa tayo huli may magagawa pa kung sama-samang magkakaisa at magtutulungan ang isat-isa para sa bansa at hindi para sa SM lamang."

Ito naman ang comment ni Hadji Sartorio: "Considered pa bang Chinese in heart ang mga Sy siblings? Di ba dito na pinanganak ang mga yun? Taga-Quia po ang mga yan at paano ka magagalit sa Chinese in blood but are Filipino passport holders kung daan daan libong Pinoy ang binigyan ng trabaho ng mga iyan nationwide? Minsan sana bago ka mag comment ay mag isip ka din muna..."

@@@

Public Hospitals and City College for Gentry residents, ito naman ang nais ni Alfred Diego Moi

Opinyon naman ni Teresita Constantino, maraming taxes ang ibubunga ng katulad ng SM Mall, kasi raw, "walang kita sa government buildings at sweldo ng mga empleado kasi fixed sa payroll maliban lang kung may padding."

Sa infrastructure, agad daw na believe ang mga tao, 'yon nga lang nandyan ang under the table. Ang pera sa projects parang sungka, maraming dinadaan kaya madaling gumuho at malubak."

Ito ang sabi ni Princess Marah Rombaoa Mercado: "Sana po ay public hospital at public school, pwede ba dalhin ang may sakit dyan.. knock knock sa mga politiko ng Cavite, mga Remulla, Revilla, Ferrer, at kung sino sino pa magkakamag anak na politiko..pagtuunan nyo ng pansin mga public hospital at school

At, susme raw, sabi ni Ronaldo Caringal na ospital, pabrika ang itayo

at "Hindi na natin kailangan pa ng Shopping Mall, susme..."

Ito rin ang sabi ni Paraiso Delos Reyes at may panawagan siya sa lahat ng milyonaryo sa Pilipinas na sana raw ay magkaisa na mag-invest (at magtayo) sa pagawaan ng lahat Ng uri sasakyan para umasenso ang Pilipino gumawa.

Gumawa ng pang-world class para hindi mag-abroad mga Pinoy, "andaming mga milyonario dito sa Pinas diyan siya mag-invest hindi puro mall fastfood, andaming mga building dito sa EPZA sa Cavite na walang laman walang gumagamit, gamitin nila para me pakinabang yon ang maganda aasenso ang Pilipinas," sabi ni Paraiso.

"Sana po hospital dagdagan po para di na magdadala ng pasyente sa Trece tapos di na tatanggap kasi sabi wala ng bakante hirap po para sa aming mga Senior pag may sakit po kong saan saan kami nadadalang ibang hospital po," sabi ni Lolita Escanillas.

"But more hospital pls," Jon Banz.

Pangamba ni Tolits Poblete, maraming maliliit na negosyo ang maaaring magsarado sa malapit at nakapaligid sa itinataong bagong SM City.

Sana raw ay isang Tertiary o University, "nasan po progress dyan? It only consumes energy," sabi ni Tj Dee.

Balanced development dapat, sabi ni Aloy Aquino, kasi baka raw, "no more land for produce to grow."

At sang-ayon dito si Hermar Rolly: "Devastation of mother nature never ends, we need agricultural products, not factory made products."

Gracias po, maraming salamat sa mga nagbigay pa ng reaksiyon: Amor Matilos, Glaiza Arroyo, Ser Jyes, Annie Palanca Sasis, Moriel Abriol ("Sana po public hospital and city college), Leo Dimaano, Veronica Laconico, Alex Mercado ("Convenience lifestyle for Sy family.", Princess Jasmine Regala, Helen Laureta Santos, Lolita Escanillas, Sabino Ocampo, Novila

Ataloid, Kbw Lona ("We dont need malls! Better sana Public hospital & school ang pinatayo."

Thanks, Leah Fajardo, Irene Frias Butial, Amy Lacarta Bergonia, Cynthia Ocampo Collarin ("Public hospital n libre consultation at gamot ang kailangan ng mga tao .. isama n pati dental... ndi yung dinadaan ng mga nk upo sa paayu-ayuda..."), Elmer Balasta, Teresita Gallo ("Sana wala ng provincial rate, sana ipareho na sa Manila, para dina mgsiksikan dyn sa Manila dahil sa probinsiya mababa pasweldo un sana,")

Dolly Te, Amy Delima, Jon C Soriano ("Wag gayahin ang Baco... give free parking for all."), Shine Thgil Eroma ("Congrats sa traffic sa open canal. Ngayon nga wala pang Sm Sobra Ng traffic ano nalang pag my SM na.")

Ruel Bolandrina, ("yan n bbaha nyan jn kc pg mtapos un sm ttayuan agad ng s&r at landers yan.")

Vi Oraa Orenicia, at tanong ni Ricardo Herrera, "Magkano kaya ang padulas para sa permit tsk."

Salamat po sa iba pang nagbigay reaksiyon, Dreymond Ruiz. Uncahija Ante, sabi niya, "Public Hosp po kailangan namin kase karamahihan ng private hosp sa Gen. Tri taga ang presyo kng wala kang HMO card patay kawawa ka.", Elise Segador, Darry Partoriza Mangalindan, Renante Loprz Caro. Lujero Arpon RL Lujero, Bong Ularte, Al Rodavia.

Sabi ni Teresa Frani, "Yan dapat tigilan na yung pagtayo mg mga mall balang araw babahain narin tayo dahil wala ng lupa sisipsip ng tubig pati mga puno puros mall na lang at mga gusali."

Sa kabuuan, ang pangarap ng maraming nerizens sa ating Pinoy taipans, more hospitals, magtayo ng manufacturing industries, palakasin ang agri industry, at trabaho, trabaho.

Ayaw ng Pinoy na maging tamad at pala-asa sa ayuda.

Sa marami pong nagbigay comments, maraming salamat po,, mabuhay tayong lahat!

DOST Region 1 takes initiative to alleviate urban traffic congestion in Laoag City



The Department of Science and Technology – Region 1 (DOST-1), through its Provincial Science and Technology Office – Ilocos Norte (PSTO-IN), has embarked on a transformative initiative to improve Laoag City's transportation system as part of the Smart and Sustainable Communities Program (SSCP).

In a planning workshop held in September 2024, city officials and department heads identified transportation as a critical challenge in Laoag, the capital and a key commercial and economic hub in the province.

In response, PSTO-IN collaborated with transportation experts and technology generators, including Dr. Syrus

Borja Gomari (former DOST Balik-Scientist, and Founder – CEO of MobilityVision+) and Mr. Timothy Joshua Vargas (Co-Founder of MobilityVision+), to develop innovative solutions that address these mobility challenges.

On January 28, 2025, a virtual meeting was held, where experts presented the MobilityVision+ and seermo platforms, which may be tailored to meet the needs of Laoag City.

Mobility Vision+ is a scalable, AI-driven solution designed to support smart, sustainable urban mobility infrastructure decision-making and traffic law enforcement.

The session was attended by the SSCP Team from Laoag City

and the Provincial Government of Ilocos Norte (PGIN), and other stakeholders.

"We have designed Seermo to be tailor-fit for the local urban and transport planning needs of Philippine cities and their respective LGUs—making it the first of its kind, not just in the Philippines but globally," said Dr. Gomari.

He said the initiative aims to alleviate urban congestion, streamline traffic flow, and encourage the adoption of green and sustainable transport options for residents of Laoag City and the province as well.

DOST-1, together with its partners, will continue to study and collaborate on the project to ensure its successful implementation.

10 Barangay ng Carmona tumanggap ng Seal of Good Local Governance



Mayor Dahlia Loyola

Masayang binati ni Carmona Ciry Mayor Dahlia ang 10 barangay na kamakailan ay tumanggap ng prestihiyosong pagkilala -- ang Seal of Good Local Governance for Barangay mula sa Department of the Interior and Local Government (DILG).

Ang tinamong Seal of Good Governance, ayon sa alkalde ay patunay sa maayos at matapat na dedikasyon sa serbisyo publiko ng mga namumuno sa pinarangalang barangay ng siyudad.

Narito ang mga tumanggap ng Selyo ng Mabuting Pamamahalang

Barangay:

